# Banghay Ng Pagtuturo Ukol Sa Maikling Katha

Gamit sa Ikaapat na Taon

ROSARIO BELLA GANA

I. Mga Layon

a. Upang mabatid ang ilang katutubong kaugalian sa nayon

b. Upang makilala at kagiliwan ang mabisa at maingat na paglalarawan ng mga tauhan

k. Upang malaman ang mga katangian ng isang mabuting maikling katha

d. Upang akitin ang mga nag-aaral sa pagbasa ng maikling katha

II. Paksang Ituturo

KUNG BAGA SA PAMUMULAKLAK (Maikling Katha), ni Macario Pineda

(Sa DIWANG KAYUMANGGI Unang Aklat, dahong 83-98)

III. Paraan ng Pagtuturo

A. Pagsubok sa Takda

1. Paligsahan sa paggamit ng mga salita.

Ang bawa't salita'y isusulat ng guro sa kapirasong papel na may bilang. Ang klase ay hahatiin sa dalawang pangkat. Ang mga nag-aaral na kabilang sa bawa't pangkat ay padudukutin ng papel. Sa hudyat na magsimula ay bubuksan ng bawa't nag-aaral ang kaniyang papel. Ang may blg. 1 ay siyang unang gagamit ng kaniyang salita sa pangungusap, susunod ang may blg. 2, ang may blg. 3, hanggang sa matapos. Ang pangkat na may kaunting mali ay panalo.

**Mga Salitang Gagamitin**

| | |
|---|---|
| 1. kalakian | 24. mag-atubili |
| 2. magsuga | 25. palalaman |
| 3. daang-patubig | 26.uugud-ugod |
| 4. napatigagal | 27. pangitain |
| 5. patalilis | 28. sugo |
| 6. nalingid | 29. nabulunan |
| 7. tumalungko | 30. maipaglilingkod |
| 8. nakimasid | 31. balintataw |
| 9. humahalimuyak | 32. pananalig |
| 10. nakabadha | 33. pagkaumid |
| 11. naaaligagaan | 34. papatnubayan |
| 12. matipuno | 35. mabagkat |
| 13. inuusal-usal | 36. adhikain |
| 14. napalatak | 37. nakatatarok |
| 15. nakatuklaw | 38. mapusok |
| 16. tabi sa kaluluwa | 39. ipinagugunita |
| 17. magigi | 40. lukan |
| 18. musmos | 41. sumasailalim |
| 19. hagikgik | 42. ipakli |
| 20. pinanlulusungan | 43. mabako |
| 21. angi | 44. ipamansag |
| 22. pagpapautusan | 45. matimyas |
| 23. maipakisuno | 46. lumusong |

2. Pagpapaliwanag ukol sa gawaing-bahay

Ang mga sumusunod na tanong ay isusulat ng guro sa pisara at ipasasagot sa mga nag-aaral:

a. Naibigan ba ninyo ang pamagat ng maikling kathang "KUNG BAGA SA PAMUMULAKLAK"? Bakit?

b. Ipaliwanag ang patalinghagang katuturan ng pamagat. Angkop ba sa kuwento? Magbigay kayo ng iba pang pamagat na sa akala ninyo'y maaaring gamitin.

k. Saan nagsimula ang kuwen-

to? Kaakit-akit ba ang simula? Iguhit o kaya'y ilarawan sa salita ang unang tagpo. Ilang araw ang nasaklaw ng kuwento?

d. Ang paglalarawan ba ng mga tauhan at mga pangyayari ay totoo sa buhay? Patunayan ang inyong sagot.

e. Anu-ano ang apat na bahagi ng isang kuwento? Aling bahagi ng kuwento ang kapana-panabik? Ano ang tawag sa bahaging ito?

g. Madali bang maunawaan ang maikling kathang ito? Bakit?

h. Alin ang pinakamahalaga sa kuwentong ito—balangkas, tauhan, paksa o lunang pinangyarihan. Patunayan ang inyong sagot.

i. Sino ang pinakamahalagang tauhan sa maikling kathang ito?

l. Anu-anong katangian ng ating lahi ang nabanggit?

m. Sa mga karaniwang nangyayari sa buhay-nayon, alin ang hindi na mangyayari sa ngayon?

n. Isalaysay ang mga katutubo nating kaugaliang binanggit. Alin ang karapat-dapat tularan? Alin ang lipas na sa panahon?

B. Paglalarawan

Ilarawan sa salita o ipakilala ang mga tauhang sumusunod:

1. Teresa
2. Desto
3. Ingkong Pento
4. Impong Sebia
5. Mang Tibo
6. Aling Merced
7. Tisya
9. Pasing
10. Edes

K. Pagpapaliwanag ng mga Parirala

Ang klase ay muling hahatiin sa dalawang pangkat. Ang dalawang pangkat na ito'y magkakaroon ng paligsahan. Bawa't kaanib sa pangkat ay durukot ng isang papel na kinasusulatan ng parirala o pangungusap na ipaliliwanag. Bibigyangdiin ang pagbasa ng mga salita o pariralang may salungguhit sa pangungusap. Ang pangkat na maraming tumpak na sagot ay panalo.

**Mga Salita't Pariralang Ipaliliwanag**

1. Si Eto, ang **naniningalang-pugad,** ay sakay ng kanilang kalakian.
2. Kay-gandang malasin ang tahanan ni Ingkong Pento—isang wari'y **dalanginang** nakalilim sa sariwang luntian ng mga punungkahoy.
3. At si Tisya, na **kasalo sa mga lihim,** na mga kapatid ay nakatungo.
4. Si Eto ho ay mayroon nang **pinanlulusungan** sa gawa namin.
5. Ang mga dalagang ito ay di sakailan at **pagpapautusan** na.
6. Sa buhay ng tao, kahit di sadyain ay dumarating ang **panahon ng pamumulaklak,** kung baga sa mangga.
7. At kung baga sa mangga, ang pamumulaklak na ito ay aming inihahanap ng lunas upang sakali ay huwag **mabagkat** at nang maging bunga pagdating ng araw.
8. Ang tao, hindi man magsabi't magbadya, **sa anyo naman ay napagkikilala.**
9. Kung baga sa inararong palayan, ang ilug-ilugan ay hindi mangyayari sa isang paraan lamang ng araro kundi **may kasalungat na kapwa tudling.**
10. Nagmamadali ang nahuhuli at **nagsisisi ang nauuna.**
11. Hindi kaning mainit ang bagay na ito na **upang makapaso ay mailuluwa.**
12. Siya ay hindi **patay na lukan.**
13. Kung baga sa paggapas ay **maayunan namin ang hilig ng palay.**
14. Kung inaayunan man ang hilig ng palay ay **upang huwag mayapakan ang uhay.**
15. Sa maayos sa paghilig ng palay nasasalig ang **pagiging matimyas ng butil** at pagiging mabuti ng pagkahinog.

FOR MODERN OPTICAL NEEDS—SEE KEEPSAKE OPTICAL—80 Escolta

16. Kung baga sa pagpipilapil, kaya lamang natin tinataasan ang pilapil, ay upang lalong maraming tubig ang matipon so pitak at nang **huwag matuyuan agad-agad ang panim** kung sakaling mag-init.
17. **Kung kailan maligaya ay saka lumuluha.**

D. Pagbibigay ng Kuru-kuro.

Ang mga nag-aaral ay magbibigay ng sariling kuru-kuro tungkol sa mga sumusunod na katanungan:

1. Alin ang mabuting gamitin sa pakikipag-usap—ang ho o ang po?
2. Naibigan ba ninyo ang pagwawakas ng kuwento? Ano ang ibig ipahiwatig ng pagpuputakan ng mga inahing manok, at ang pag-ungol at pagkawag ng buntot ni Negro?
3. Sang-ayon ba kayo sa pagpapagawa ng bahay ni Desto gayong di pa sila kasal ni Tesang?
4. Ano ang hiniling ng ama ni Tesang sa magulang ni Desto? Mabuti bang kaugalian iyon? Iyon ba'y ginagawa pa sa ngayon? Ano ang tawag sa ipinapanhik na iyon? Sa ipinapanhik na iyon, ay maaari na kayang mabuhay nang mariwasa si Desto at si Tesang?
5. Mahirap ba ang magpautos? Bakit? Ano kaya ang loobin ni Tesang nang dumating, at gayon din nang umalis ang pautos?
6. Ano ang kapuri-puri sa pag-uusapan ng mga matanda? Sino sa kanila ang malabis na nag-aalaala at nabibigatan sa pag-uusapang iyon?
7. Bakit hindi kasama ang ina ni Desto sa pautos?
8. Saan lamang maaaring mangyari ang kuwentong ito? Bakit?
9. Kanais-nais ba o nakayayamot ang maligoy na salitaan ng matatanda? Bakit?
10. Sa akala ninyo, ay sino ang lalong nakaririwasa, ang ankan ni Desto o ni Tesang?
11. Ano ang ginanap na tungkulin ng matandang tininti ng nayon? Dapat pa kaya siyang isama?
12. Bakit malimit tumikhim at umubo ang mga nag-uusap?

IV. Takda.

A. Magsalaysay ng isang kaakit-akit na maikling kathang nabasa o narinig.

B. Sagutin ang mga sumusunod:

1. Kailan at saan nangyari ang kuwento?
2. Sino ang pinakamahalagang tauhan? Ilarawan sa salita.
3. Sinong tauhan at aling pangyayari ang katangi-tangi?
4. Alin ang pinakamasaya o pinakamalungkot na bahagi?
5. May tagpo bang nakagagalit o nakayayamot?
6. Ano ang sinasariwa o ipinagugunita ng katha?

(Continued on page 50)


# NOTICE

**Since 1932**

**ACEBEDO OPTICAL COMPANY**

**428 Rizal Ave. (front Ideal Theatre)**

has been supplying eye glasses to school children of poor parents, paid by different charitable institutions thru the Bureau of Health until 1946. Now comes the Acebedo Optical Co. to offer the children and students of Manila and provinces minimum charges intended to rehabilitate the children's eyes.

*90Rd m. m. Lens with Rd Metal Frame or 38Rd Oxford celluloid, spherical & cylindrical*

**FOR ONLY ₱12.90 all U.S.A. materials**

**To Teachers: Nominal & Time payment plan**